



*Sistema ng proteksyon at pagtataguyod ng California*

# Papel ng Katotohanan: Mga Karapatan sa Katulong na mga Hayop sa Pabahay

---

*Pebrero 2018, Lat. #F115.08*

## **Panimula**

Tinatalakay ng papel na katotohanan na ito ang mga karapatan ng mga taong may mga kapansanan na mapanatili ang katulong na mga hayop sa pabahay na hindi nagpapahintulot ng mga alagang hayop.

Ang terminong “katulong na hayop” (o “pantulong na hayop”) ay tumutukoy sa isang hayop na kailangan ng isang taong may kapansanan para magamit at matamasa ang pabahay. Ang katulong na hayop ay maaaring isang hayop na panserbisyo (isang aso o maliit na kabayo na sinanay upang magsagawa ng trabaho o mga gawaing kaugnay sa kapansanan), o isang hayop na pang-emosyunal na suporta (anumang hayop na nagpapabawas sa mga epekto ng kapansanan ng tao sa pamamagitan ng pagbigay ng kaginhawaan o suporta).

## **Mga Karapatan sa Katulong na mga Hayop sa Pabahay**

### **A. Mayroon ba Akong Karapatan na Mapanatili ang Hayop na Panserbisyo sa Aking Tahanan, kahit na may Patakarang Walang Alagang Hayop ang Aking Maylupa o Samahan ng mga May-ari ng Bahay?**

Ang mga nangungupahan at mga aplikante ng pabahay na may mga kapansanan ay may karapatang mapanatili ang hayop na pansersbiyo sa pabahay sa ilalalim ng Batas sa Sibil na mga Karapatan ng Unruh (Unruh Civil Rights Act (Unruh Act)) (Kodigo Sibil (Civil Code) Seksyon 51) at Batas sa Mga Taong May Kapansanan ng California (California Disabled Persons Act, CDPA) (Kodigo Sibil mga Seksyon 54.1 at 54.2). Ang Batas na Unruh at CDPA ay nagpapahintulot sa isang taong may kapansanan na

magdala ng isang hayop na panserbisyo, tinutukoy bilang isang aso (o, sa ilang mga kaso, isang maliit na kabayo) na indibiduwal na sinanay upang magsagawa ng trabaho o mga gawaing kaugnay sa kapansanan, sa mga lugar ng pabahay, negosyo at pampubliko. Upang mapasailalim sa mga pang-estadong batas na ito, ang hayop na panserbisyo ay hindi dapat nagpapakita ng direktang pagbabanta sa iba o pangunahing babaguhin ang likas ng pabahay. Maliban kung mayroong dahilan upang maniwala na ang isang hayop ay naghahatid ng direktang pagbabanta, ang tagapagbigay ng pabahay ay maaari lamang magtanong ng dalawang tanong upang tukuyin kung ang hayop ay kwalipikado bilang hayop na panserbisyo: 1) kung ang hayop ay kinakailangan dahil sa kapansanan ng tagahawak; at 2) anong trabaho o gawain sinanay ang hayop na isagawa.

Ang karapatang gumamit sa ilalim ng Batas na Unruh at CDPA ay naaangkop lamang sa mga hayop na panserbisyo – hindi sa mga hayop na pang-emosyunal na suporta. Gaya ng tinatalakay sa ibaba, ang mga pang-estado at pederal na batas sa makatarungang pabahay ay nagbibigay din ng mga karapatan sa lahat ng uri ng katulong na mga hayop (kabilang ang mga hayop na pang-emosyunal na suporta) sa pabahay bilang makatuwirang mga kaluwagan para sa kapansanan ng nangungupahan o aplikante ng pabahay. Maaaring mabuti na ipaalam sa maylupa, samahan ng mga may-ari ng bahay o ibang tagapagbigay ng pabahay ng presensya ng isang hayop na panserbisyo, kahit na ang hayop ay hindi hinihiling bilang isang makatuwirang kaluwagan.

Kung ikaw ay nakatira sa, o nag-a-apply para sa, pabahay na tumatanggap ng pagpopondo mula sa Kagawaran ng Pabahay at Pag-unlad ng Lunsod (HUD, U.S. Department of Housing and Urban Development) ng U.S. o ibang pederal na tulong, mayroon ka ring karapatan na mapanatili ang hayop na panserbisyo sa ilalim ng Seksyon 504 ng pederal na Batas sa Rehabilitasyon ng 1973 (Section 504 of the federal Rehabilitation Act of 1973). Tulad ng karapatan sa ilalim ng pang-estadong batas sa katulong na hayop sa ilalim ng CDPA, kung ang iyong hayop ay kwalipikado bilang isang hayop na panserbisyo, ito ay dapat pahintulutan sa iyong pabahay sa iyong paglalarawan na ang hayop ay nagsasagawa ng trabaho o mga gawaing kaugnay sa kapansanan. Hindi mo kailangang humiling ng makatuwirang kaluwagan o kumuha ng sulat na pansuporta mula sa isang propesyunal na gumagamot.

**B. Ano ang Aking mga Karapatan sa ilalim ng mga Batas sa Makatarungang Pabahay upang Mapanatili ang Aking Katulong na Hayop sa Aking Bahay?**

Dagdag sa mga batas na itinalakay sa itaas, ang diskriminasyon sa pabahay laban sa mga taong may mga kapansanan ay ipinagbabawal sa ilalim ng pederal na batas na Batas sa Mga Pagbabago sa Makatarungang Pabahay (FHAA, Fair Housing Amendments Act) (42 U.S.C. Mga Seksyon 3601-3631) at sa ilalim ng batas ng California na Batas sa Makatarungang Trabaho at Pabahay (FEHA, Fair Employment and Housing Act) (Kodigo ng Pamahalaan mga Seksyon 12955-12956.2). Ang mga batas na ito ay nagsasaklaw sa mga tagapagbigay ng pabahay kabilang ang mga maylupa, samahan ng mga may-ari ng bahay, realtor, nagpapautang para sa pabahay at, mga may-ari at tagapangasiwa ng ari-arian ng pangmatagalang pabahay kabilang ang mga tahanang pangkasera at pangangalaga, panggrupong tahanan, kanlungan ng mga walang tahanan at, sa ilang mga kaso, mga pasilidad ng pangangalaga (sa pangkalahatan, “mga tagapagbigay ng pabahay”). Sa konteksto ng pabahay, ang akses para sa mga hayop na panserbisyo at pang-emosyunal na suporta (tinutukoy sa pangkalahatan bilang “katulong na mga hayop”) ay pinahihintulutan bilang makatuwirang kaluwagan sa patakaran ng maylupa o samahan ng mga may-ari ng bahay na walang alagang hayop.

Ang mga pang-estado at pederal na batas sa makatarungang pabahay ay nag-aatas na ang mga tagapagbigay ng pabahay ay gumawa ng makatuwirang kaluwagan para sa mga nangungupahan at aplikante ng pabahay na may mga kapansanan. Ang mga makatuwirang kaluwagan ay mga eksepsyon sa mga panuntunan o patakaran na kinakailangan upang pahintulutan ang mga taong may mga kapansanan ng pantay na oportunidad na magamit at matamasa ang kanilang pabahay. Kabilang sa obligasyon na gumawa ng mga makatuwirang kaluwagan ang kinakailangan na ang mga tagapagbigay ng pabahay ay gumawa ng mga eksepsyon sa patakarang “walang alagang hayop” upang pahintulutan ang mga taong may mga kapansanan na gumamit at tumira kasama ng alinman sa hayop na panserbisyo o pang-emosyunal na suporta.

Sa ilalim ng batas sa California at pederal, ang mga katulong na hayop ay dapat pahintulutan sa pabahay bilang makatuwirang kaluwagan para sa kapansanan ng nangungupahan. Anumang uri ng hayop ay maaaring maging katulong na hayop, hangga’t ito ay nagpapagaan ng mga sintomas ng kapansanan ng tagapaghawak. Dapat mayroong koneksyon sa pagitan ng kapansanan ng indibiduwal at ng serbisyo, kaginhawaan o pagsasama na binibigay ng hayop.

Hindi kinakailangan na ang katulong na hayop ay espesyal na sinanay o sertipikado upang pahintulutan bilang makatuwirang kaluwagan sa pabahay. Gayunpaman, ang hayop ay hindi maaaring maghatid ng direktang pagbabanta sa ibang tao o ari-arian, magpataw ng hindi nararapat na pinansyal o administratibong pasanin, o pangunahing baguhin ang likas ng mga serbisyo na binibigay ng maylupa o samahan ng mga may-ari ng bahay. Halimbawa, ang paghiling na pakainin, ilakad, o linisin ng maylupa ang hayop na panserbisyo ay maaaring ituring na pangunahing pagbabago sa serbisyong binibigay ng maylupa. Ang direktang pagbabanta ay dapat matukoy sa indibiduwal na pagtatasa ng pag-uugali ng hayop, hindi mga esteryotipo tungkol sa lahi. Ang mga tagahawak ay dapat tiyakin na ang kanilang katulong na hayop ay sumusunod sa pang-estado at lokal na mga batas sa pangangasiwa ng hayop at hindi panganib o panggulo sa komunidad. (Tingnan, Kodigo sa Pagkain at Arikultura ng California (California Food & Agriculture Code) § 30851).

### **C. Ano ang Maaaring Hilingin ng Aking Maylupa o Samahan ng mga May-ari ng Bahay upang Ipakita na ang Aking Hayop ay isang Katulong na Hayop?**

Kung ikaw ay humihiling ng makatuwirang kaluwagan para sa isang katulong na hayop sa pabahay na hindi pederal na pinopondohan, ang maylupa o samahan ng mga may-ari ng bahay ay maaaring humingi ng dokumentasyon na ikaw ay may kapansanan at ikaw ay may pangangailangang kaugnay sa kapansanan para sa hayop. Gayunpaman, ang tagapagbigay ng pabahay ay hindi dapat humiling ng dokumentasyon kung ang iyong kapansanan at iyong pangangailangang kaugnay sa kapansanan para sa hayop na panserbisyo o pansuporta ay walang duda. Kung ang tagapagbigay ng pabahay ay walang dahilan upang alamin ang tungkol sa pangangailangan ng indibiduwal para sa katulong na hayop, ang kahilingan ay dapat limitado sa impormasyong kinakailangan upang patunayan ang pangangailangan. Ang tagapagbigay ng pabahay ay hindi maaaring tanungin ang aplikante ng pabahay o nangungupahan na magbigay ng akses sa mga medikal na talaan o mga medikal na tagapagbigay o magbigay ng detalyadong o malawak na impormasyon o dokumentasyon sa pisikal o mental na kapansanan ng isang tao. Ang mga halimbawang kahilingan sa katulong na hayop at sulat na pansuporta ay nasa ibaba.

### **D. Maaari ba Akong Singilin ng Maylupa ng Bayad upang Mapanatili ang Katulong na Hayop?**

Ang tagapagbigay ng pabahay ay hindi maaaring atasan ang aplikante o nangungupahan na magbayad ng bayarin o deposito sa seguro o bumili ng

seguro para sa hayop bilang kondisyon ng pagpahintulot sa tao upang mapanatili ang katulong na hayop. Gayunpaman, ang tagapagbigay ng pabahay ay maaaring singilin ang indibiduwal para sa pagpapakumpuni ng anumang sira na sanhi ng hayop sa yunit o karaniwang mga lugar.

## **Mga Pagdaing at Paghahabla**

Kung ang maylupa, samahan ng condominium o ibang tagapagbigay ng pabahay ay tumanggi na pahintulutan ang iyong katulong na hayop bilang makatuwirang kaluwagan, maaari kang magsampa ng kaso o administratibong pagdaing.

Maaari kang magsampa ng administratibong pagdaing sa Kagawaran ng Makatarungang Trabaho at Pabahay (DFEH, Department of Fair Employment and Housing) ng California sa loob ng isang taon ng pinakahuling petsa ng diskriminasyon. Ang impormasyon sa kung paano magsampa ng reklamo sa DFEH ay makikita sa <https://www.dfeh.ca.gov/filing-a-complaint-online/>, o sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 884-1684 (boses) o (800) 700-2320 (TTY).

Maaari kang magsampa ng administratibong pagdaing sa Kagawaran ng Pabahay at Pag-unlad ng Lunsod (HUD, Department of Housing and Urban Development) ng U.S. sa ilalim ng Batas sa mga Pagbabago sa Makatarungang Pabahay (Fair Housing Amendments Act), sa loob din ng isang taon pagkatapos ng diskriminasyon. Ang impormasyon sa kung paano magsampa ng reklamo sa HUD ay makikita sa sa 1-800-669-9777 o: [https://portal.hud.gov/hudportal/HUD?src=/topics/housing\\_discrimination](https://portal.hud.gov/hudportal/HUD?src=/topics/housing_discrimination).

Ang mga paglabag sa mga batas na tinalakay sa itaas ay maaari ring ipatupad sa pamamagitan ng mga pribadong kaso. Mangyaring malaman na hinihigpitan ng mga kautusan sa mga limitasyon ang takdang panahon para sa pagsampa ng kaso at maaari kang mawalan ng paghahabol kung hindi ka kikilos sa loob ng naaangkop na kautusan sa mga limitasyon. Ang mga huling araw na ito ay maaaring kasing-ikli ng dalawang taon mula sa petsa ng diskriminasyon. Kung interesado ka na ituloy ang kaso, dapat kang kumonsulta sa isang abogado sa lalong madaling panahon.

Kung ikaw ay humihiling ng mas mababa sa \$10,000 na halaga ng pagkasira, ang isa pang opsyon ay magsampa ng kaso ng diskriminasyon sa Korte ng Maliliit na Paghahabol (Small Claims Court). Ang mga kautusan sa mga limitasyon na itinalakay sa itaas ay naaangkop. Hindi ka maaaring gumamit ng abogado kung ikaw ay pupunta sa korte ng maliliit na paghahabol. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Disability

Rights California, *Gabay sa Korte ng Maliliit na Paghahabol: Paano Maghabla kung ang Negosyo o Maylupa ay Nagdiskrimina Laban sa Iyo Dahil sa Iyong Kapansanan (A Guide to Small Claims Court: How to Sue if a Business or Landlord Discriminates Against You Because of Your Disability)*, sa: <https://www.disabilityrightsca.org/tgl/publications/isang-gabay-sa-hukuman-ng-mga-maliit-na-paghahabol-paano-magdemanda-kung-diskriminahin>.

## **Halimbawang Sulat sa Tagapagbigay ng Pabahay na Humihiling ng Katulong na Hayop**

[Petsa]

Minamahal na [Maylupa, Awtoridad ng Pabahay, Samahan ng mga May-ari ng Bahay]

Sumusulat ako upang humiling na ang katulong na hayop maging isang makatuwirang kaluwagan para sa aking kapansanan/mga kapansanan.

Ako ay nakatira sa/nag-a-apply na umupa sa iyong ari-arian sa [address] Dahil sa aking kapansanan, kailangan kong mapanatili ang katulong na hayop bilang makatuwirang kaluwagan.

Itinuring ng aking [doktor/saykayatriska/sikologo/terapruta/manggagawang panlipunan/occupational therapist/iba pang indibidwal [ilarawan] ang kaluwagang ito na kinakailangan dahil sa aking kapansanan. Mangyaring tingnan sa nakalakip na sulat mula kay [pangalan ng doktor o propesyunal].

Inaatas ng pederal at pang-estadong batas na bigyan ng mga tagapagbigay ng pabahay ang mga nangungupahan/nakatira at mga aplikante na may mga kapansanan ng mga makatuwirang kaluwagan. Mangyaring tumugon sa kahilingang ito bago ang [petsa]. Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa akin sa [iyong numero ng telepono at/o e-mail address] kung mayroon kang anumang katanungan. Salamat.

Taos-puso,

[Iyong pangalan]

[Iyong address]

## Halimbawang Sulat ng Pagpapatunay

[Petsa]

Para kay [Maylupa, Awtoridad ng Pabahay, at Samahan ng mga May-ari ng Bahay]:

Ako ang doktor/saykayatriza/sikologo/terapruta/manggagawang panlipunan/occupational therapist para kay [Iyong pangalan], at pamilyar ako sa kanyang kondisyon. Siya ay may kapansanan na nagsasanhi ng ilang mga limitasyon sa pagkilos. Kabilang sa mga limitasyong ito ang [ilista ang mga limitasyon sa paggana na nangangailangan ng hinihiling na kaluwagan].

Ang katulong na hayop ay kinakailangan para kay \_\_\_ upang mamuhay sa komunidad at magamit at matamasa ang kaniyang tirahan sa pamamagitan ng [ilarawan kung paano matutulungan o suportahan ng hayop ang indibiduwal].

Maraming salamat sa pagbigay ng makatuwirang kaluwagang ito para kay [Pangalan].

Taos-puso,

[Pangalan at Posisyon]



---

Nais ka naming pakinggan! Mangyaring sagutan ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga paglalathala at ipaalam sa amin kung kamusta kami. [\[Sagutan ang Survey\]](#)

Para sa legal na tulong tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang [pormularyo ng kahilingan para sa tulong](#). Para sa iba pang mga pakay, tumawag sa 916-504-5800 (Hilagang CA); 213-213-8000 (Timog CA).

*Ang Disability Rights California ay pinondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.*